



## Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020 ay magsisimula sa Lunes, Ika-5 ng Oktubre at magpapatuloy hanggang sa Martes, Ika-3 ng Nobyembre (Araw ng Eleksyon).

Sa panahong ito, ang opisina ay magbubukas para sa pagboto Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon; Sabado, Ika-31 ng Oktubre at Linggo, Ika-1 ng Nobyembre, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon; at ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Martes, Ika-3 ng Nobyembre, Araw ng Eleksyon.

Ang beripikasyon ng pirma ay inaasahang magsimula sa Ika-9 ng Oktubre.

Ang pagbubukas at paghahanda ng mga balotang pangkoreo para sa computer tabulation ay magsisimula sa o pagkatapos ng Ika-12 ng Oktubre.

Ang mga resulta ng pagboto ay ipapahayag sa mga sumusunod na schedule:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, Ika-3 ng Nobyembre (kasunod ng pagsara ng mga botohan sa Araw ng Eleksyon)
- Pagkatapos ng ika-5 ng hapon, Huwebes, Ika-5 ng Nobyembre hanggang Biyernes, Ika-13 ng Nobyembre
- Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pahayag ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa pagkumpleto ng opisyal na pag-canvass ng eleksyon sa o bago ang Ika-3 ng Disyembre.

Kung nais ninyong obserbahan ang alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas, kontakin kami sa 858-565-5800.